

No. 01-04-2014

SUPORTA NG PHILHEALTH SA MGA NASALANTA NG BAGYONG YOLANDA

Para sa mga **MIYEMBRO** at kanilang mga dependents:

- **MAKATATANGGAP** ng nararapat na benepisyo ng PhilHealth para sa gamutan o *confinement* sa mga ospital.
- **MABIBIGYAN** ng kaukulang konsiderasyon sa mga kailangang dokumento para maka-avail agad ng benepisyo ng PhilHealth.
- **MAGDARAGDAG** ng sapat na panahon upang magbayad ng *premium contribution* para sa buwan ng Nobyembre 2013 (or *4th quarter* ng 2013,) hanggang sa huling araw ng Marso 2014 (*March 31, 2014*).


Para sa mga **HINDI PA MIYEMBRO** ng PhilHealth:

- **MAKATATANGGAP** at **MABIBIGYAN** din ng benepisyo tulad ng isang miyembro kung sila ay nabigyan ng atensyong medikal o na confine, AT ang *government hospital* mismo ang nag-sponsor sa kanila para maging miyembro ng PhilHealth bago sila ma- *discharge* (ito ay sa ilalim ng *Point-of-Care*.)
- At dun naman sa mga nabigyan ng atensyong medikal o na confine sa isang *private hospital*, mayroon silang pagkakataong makakuha ng benepisyo para sa pagkakaospital kung magpapamiyembro sila bago ma-*discharge*.

Para sa mga **PAGAMUTAN** o *health care providers* na direktang nasalanta:

- Ang mga valid claims na nabasa o nasira ng bagyo at hindi pa naipadadala sa PhilHealth ay maari pa ring mabayaran.
- Ang *Claims* ay maaring ipadala sa PhilHealth hanggang *120 na araw* matapos ma-*discharge* ang pasyente.
- Mabibigyan ng kaukulang *extension* pagdating sa mga sumusunod:
 - a. Pag-submit ng mga *report* gaya ng *Mandatory Monthly Hospital Report (MMHR)*
 - b. Pag-file ng aplikasyon para sa *renewal* ng *accreditation* o *validity* ng kasalukuyang *accreditation* ng mga *health care institutions* (ospital, *ambulatory surgical clinics*, *freestanding dialysis clinics* atbp.) at mga *health care professionals* (doktor, *midwives*, *dentists*, atbp.).

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaring tumawag sa Typhoon Yolanda HOTLINES: **441-7425, 441-7426, 0926-701-4817, 0926-701-4767 and 0921-575-0140** mula **LUNES** hanggang **BIYERNES**.



ALEXANDER A. PAIILLA
President and Chief Executive Officer